
フィリピノ語

*Gabay sa Paaralan para sa Mga Dayuhang Mag-aaral at Kanilang mga Magulang*

# Maligayang Pagdating sa Paaralan sa Hapon!

Ang kumpulsoryong edukasyon sa paaralan sa bansang Hapon ay binubuo ng 6 na taon na elementarya at 3 taon na junior haiskul.
Ang pasukan ay nagsisimula ng Abril. Hindi lamang hinuhubog ang kaalaman kundi maging ang kalooban at pisikal na pangangatawan.
Mahalagang magtulungan ang paaralan at pamilya ng bata.







Pangalan ng Paaralan na Papasukan ng Anak **Paaralan**

*Ang paaralan na papasukan ay pinagpapasyahan ayon sa tinitirhang lugar.

— Bersyon ng Lalawigan ng Shizuoka —

# 1. Sistema ng Edukasyon sa Hapon




## 1 Elementarya・Junior Haiskul (Kumpulsoryong Edukasyon)



- Pinagpapasyahan ang grado ng estudyante sa elementarya at junior haiskul batay sa kanilang edad. (Ang patakaran ay walang binabagsak o pinapaulit ng grado)
- Ang klase ay nagsisimula ng Abril at nagtatapos ng Marso ng susunod na taon. Ang tawag dito ay “taunang klase” (Halimbawa: Taunang klase ng 2020→Abril 2020~Marso 2021)
- Papasok sa unang baitang ang mga batang 6 taong gulang ng Abril at magtatapos ng junior haiskul ng 15 taong gulang sa Marso.
- Ang kumpulsoryong edukasyon ay 9 na taon, 6 na taon na elementarya at 3 taon na junior haiskul.

**Paalala**

- Ang paaralan sa bansa ay binubuo ng mga pampublikong paaralan na itinatag ng bansa, lalawigan, lungsod o bayan at mga pribadong paaralan na itinatatag ng mga pribadong organisasyon.

## 2 Pagkatapos ng junior haiskul

(Para sa detalye, basahin ang pahina 10 at 11)

- Ang pagpapatuloy ng pag-aaral pagkatapos ng junior haiskul ay pinag-uusapan at pinagpapasyahan ng anak at magulang.
- Kinakailangang kumuha ng eksam sa pagpasok ang mga gustong magpatuloy ng pag-aaral sa haiskul.



# 2. Ang Isang Taon sa Elementarya at Junior Haiskul

Ang 1 taon ay hinahati ng 2~3 termino. May pagkakaiba ang paghati ng taunang klase sa bawat paaralan.

| Buwan | Termino | Semestre | | Pangunahing Gawain atbp |
|---|---|---|---|---|
| 4 | Unang Termino | Unang Semestre | Pagbubukas at Pag-angat sa Mas Mataas na Grado | ● Seremonya ng Pagbubukas<br>● Seremonya ng Pagpasok |
| 5 | Unang Termino | Unang Semestre | | ● Palarong Pampalakasan<br>*Ginagawa rin sa Panahon ng Taglagas. |
| 6 | Unang Termino | Unang Semestre | | ● Pool<br>● One on one na pag-uusap |
| 7 | Unang Termino | Unang Semestre | | |
| 8 | | Unang Semestre | Summer vacation | |
| 9 | Ikalawang Termino | Unang Semestre | | ● Pagsasanay sa sakuna |
| 10 | Ikalawang Termino | Ikalawang Semestre | | ● Field Trip<br>*Naglalakbay rin sa Panahon ng Tagsibol. |
| 11 | Ikalawang Termino | Ikalawang Semestre | | |
| 12 | Ikalawang Termino | Ikalawang Semestre | Winter Break | |
| 1 | Ikatlong Termino | Ikalawang Semestre | | |
| 2 | Ikatlong Termino | Ikalawang Semestre | | |
| 3 | Ikatlong Termino | Ikalawang Semestre | Pagtatapos at Pag-angat sa Mas Mataas na Grado<br>Spring Vacation | ● Seremonya ng Pagkumpleto ng taunang klase<br>● Seremonya ng Pagtatapos |







* May pagkakaiba ang mga gawain at iskedyul sa bawat paaralan.
* May mga leksyon na doon nanunuluyan ang mga estudyante (Pag-aaral sa Panggugubat, Pag-aaral sa Tabing Dagat, Pag-aaral para Maranasan ang Kalikasan at iba pa).

# 3 . Ang Isang Araw sa Paaralan

## Isang araw sa paaralan

:
### Pagpasok



Dadaan sa itinakdang ruta sa pagpasok. Nagpapalit ng sapatos pagdating sa paaralan.

:
### Pagtitipon sa umaga




Sinisiyasat ang lagay ng kalusugan at ibinabahagi ng homeroom na guro ang iba`t ibang impormasyon.

:
### Simula ng klase




Ang bawat klase sa elementarya ay 45 minuto. Sa junior haiskul ay 50 minuto ang klase.

:
### Tanghalian




Ang mga estudyante ang nagbabahagi ng pagkain at ang lahat ay pareho ang kakainin.

:
### Pahinga sa Tanghali



Nagbabasa ng libro sa silid-aklatan o naglalaro sa labas kasama ang mga kaibigan.

:
### Paglilinis



Ang lahat ay tulong-tulong na maglinis ng silid-aralan at pasilyo.

:
### Simula ng klase sa hapon



May 1~2 oras na klase sa hapon.

:
### Pagtitipon bago umuwi



Pagbabalik tanaw sa mga ginawa buong araw at pagtitiyak ng mga gagawin sa susunod na araw. Pagkatapos nito, mag-uuwian na ang mga estudyante.

:
### Gawain sa klub



May mga ekstra kurikular na gawain sa junior haiskul. Papasok sa nais salihan na gawain at ginagawa ito pagkatapos ng klase at tuwing araw na walang klase.

- May klase mula lunes hanggang biyernes. Walang pasok tuwing sabado, linggo at pista opisyal.
- Kapag may opisyal na gawain ng sabado o linggo, itinatalaga ang lunes bilang walang pasok. Tiyakin ito sa mga liham mula sa paaralan at sa notebuk ng iskedyul ng anak.
- May pagitan na 10 minuto bawat klase. Ginagamit ito para maghanda para sa susunod na klase o di kaya para lumilipat sa ibang silid-aralan (silid-aralan para sa pagluluto, musika at iba pa).
- Ang pampublikong paaralan sa elementarya at junior haiskul ay may inihandang tanghalian. Ang itinalagang mga estudyante para magsilbi ng pagkain ay nagsusuot ng puting tapis at siyang magdadala ng pagkain sa silid-aralan at magbabahagi nito sa mga kamag-aral. Tuwing biyernes, inuuwi ang puting tapis para labhan at dadalhin muli sa paaralan ng lunes.
- May araw na walang handang tanghalian. Magpapadala ng abiso ang paaralan na “magdala ng baon” sa araw na iyon.
- Kapag may allergy o may hindi pwedeng kainin dahil sa relihiyon, kumonsulta sa homeroom na guro.
- Basahin sa bahay ang notebuk ng iskedyul kasama ang anak at tiyakin ang mga dadalhin kinabukasan at takdang aralin.
- Ang mga estudyante sa ika-lima at ika-anim na baitang ay may mga gawain sa umaga, tanghalian at pagkatapos ng klase.
- Ang oras ng pagtatapos ng mga ekstra kurikular na gawain sa junior haiskul ay nagbabago ayon sa panahon ng taon. Magtanong sa paaralan para sa detalye.

# 4. Nilalaman ng Pag-aaral

- Ang klase ng bawat asignatura ay 45 minuto sa elementarya at 50 minuto sa junior haiskul.
- Halos lahat ng asignatura ay itinuturo ng homeroom na guro maliban sa musika, edukasyong pantahanan na itinuturo ng ibang guro.
- Sa junior haiskul, ang guro ay nagpapalit ayon sa asignatura na pag-aaralan.
- May pagkakataon na magpalit ng silid-aralan ayon sa pag-aaralan na asignatura.

## 1 Mga asignatura na pinag-aaralan sa elementarya

| | |
|---|---|
| Unang Baitang<br>Pangalawang Baitang | Hapon, Aritmetika, Pamumuhay, Musika, Sining, P.E., Edukasyon sa Pagpapakatao, Oras ng Pangkalahatan na Aralin, Espesyal na Gawain (Pagdiriwang sa paaralan, Gawain ng samahan ng mag-aaral, Gawain bawat seksiyon) |
| Ikatlong Baitang<br>Ikaapat na Baitang | Hapon, Aritmetika, Araling Panlipunan, Agham, Musika, Sining, P.E., Wikang Banyaga, Edukasyon sa Pagpapakatao, Oras ng Pangkalahatan na Aralin, Espesyal na Gawain (Pagdiriwang sa paaralan, Gawain ng samahan ng mag-aaral, Gawain bawat seksiyon, Gawain sa klub (ikaapat na baitang at pataas)) |
| Ikalimang Baitang<br>Ikaanim na Baitang | Hapon, Aritmetika, Araling Panlipunan, Agham, Musika, Sining P.E., Edukasyong Pantahanan, Wikang Banyaga, Edukasyon sa Pagpapakatao Oras ng Pangkalahatan na Aralin, Espesyal na Gawain (Pagdiriwang sa paaralan, Gawain ng samahan ng mag-aaral, Gawain bawat seksiyon, Gawain sa klub) |

## 2 Mga asignatura na pinag-aaralan sa junior haiskul


| | |
|---|---|
| Una～Ikatlong taon | Hapon, Matematika, Araling Panlipunan, Agham, Musika, Sining, Pangkalusugan at P.E., Praktikal Arts/Edukasyong Pangtahanan, Wikang Banyaga(Ingles), Edukasyon sa Pagpapakatao, Oras ng Pangkalahatan na Aralin, Espesyal na Gawain (Pagdiriwang sa paaralan, Gawain sa komite, Gawain sa samahan ng mag-aaral, Gawain bawat seksiyon) |

## Hapon




Hapon, Pagsasalysay, Pagpapali-wanag, Tula, Tanka, Sulat-kamay, Klasikong literatura, atbp.

## Aritmetika/Matematika




Numero at pagbibilang, Hugis, Bigat at pagsusukat, atbp.

## Araling Panlipunan



Heograpiya ng Hapon at mundo, Kasaysayan ng Hapon at mundo, Politika at ekonomiya, atbp.

## Agham




Biyolohiya, Kemika, Pisika, Astronomiya, Klima, atbp.

## Musika




Koro, Pagtugtog ng instrumento, Pagpapahalaga sa musika, atbp.

## Sining




Pagguhit, Paglikha ng kathang sining, Paglikha ng mga modelo, Disenyo, atbp.

## P.E. at Kalusugan




Ehersisyo, Laro gamit ang bola, Paglangoy, Takbuhan, Martial Arts, atbp.

## Praktikal Arts



Pagkakarpinterya, pagproseso ng bakal, Elektrisidad, Makinerya, Kompyuter atbp.

## Edukasyong Pangtahanan



Pananahi, Pagluluto, Nutrisyon, Kapaligiran, Tirahan atbp.

## Wikang Banyaga(Ingles)




Komunikasyon sa Ingles, Kataga at balarila ng Ingles atbp.

## Pamumuhay



Kalikasan, Pamilya, Pag-aalaga ng halaman, Pagsisiyasat sa lokal na lugar atbp.

## Oras ng Pangkalahatang Aralin



Pagtuklas ng mga suliranin sa sariling paligid at pag-aaral kung paano lutasin ito, Pang-internasyonal na pag-unawa, Kapaligiran, Kapakanan, Pagbisita sa mga lugar ng trabaho atbp.

# 5. Kagamitan sa Paaralan

- Ang mga kagamitan ay kayo mismo ang bibili.
- Isulat ng malinaw ang pangalan, grado at seksiyon sa lahat ng iyong kagamitan gamit ang marker (hindi nabubura na pansulat).
- Sulatan din ng pangalan ang lahat ng lapis.

## 1 Halimbawa ng mga Pangunahing Kagamitan

May pagkakaiba sa bawat paaralan. Magtanong sa paaralan para sa detalye.

### Randoseru
(bag gawa sa balat) (Elementarya)




### Bag pang-paaralan
(Junior Haiskul)




＊Karamihan sa mga Junior Haiskul ay itinalaga ang uri ng bag pang-eskwelahan na gagamitin ng mga estudyante.

### Panyo, tisyu



### Gamit pansulat




### Aklat-aralin



＊Binibigay ng paaralan

### Notebuk



### Gamit pang-paaralan
(gunting, pandikit, colored pencil, crayon atbp.)



### Gamit para sa aritmetika
(bilog na pangbilang (ohajiki), relo, iba't ibang hugis na bloke)



### Pangtakip sa ulo para sa sakuna



### Panloob na sapatos, sapatos para sa dyim




### Damit pang PE
(pantaas at pantalon)




＊Ang mga estudyante ng junior haiskul ay may jersey din.

### Gamit pang- tanghalian
(Chopstick, kutsara)




- Keyboard harmonica




- Plauta




- Gamit para sa calligraphy




- Gamit sa pananahi



- Gamit sa pagguhit



- Gamit sa paglangoy




- Tatsulok na ruler, kompas, protractor



- Luksong lubid



- Pait (pang-ukit)



## 2 Damit pagpasok sa paaralan

**Elementarya** Pangkaraniwang kasuotan



**Junior Haiskul** Karaniwan ay uniporme



May regulasyon din sa uri ng sapatos na susuotin. Para sa detalye, magtanong sa iyong pinapasukan na paaralan.

# 6. Iba pa

## 1 Pagmamarka

- Ang guro ay magbibigay ng marka sa bawat asignatura batay sa pang-araw-araw na kilos sa klase, pagpasa ng mga takdang aralin at proyekto at resulta ng pagsusulit. (Pagsusulit: May pagsusulit sa pagtatapos ng bawat termino at mga regular na pagsusulit.)
- Ang report kard na naglalaman ng grado at ulat ng kilos sa klase ay pinapadala ng paaralan sa magulang pagkatapos ng bawat termino.
- Ang grado sa junior haiskul ay magiging sangunian sa pagpapasya kung makakapasa o hindi sa pagpasok sa haiskul.



## 2 Mga alituntunin, patakaran

- May mga iba't ibang alituntunin sa paaralan upang ang bawa't isa ay magkaroon ng malusog, ligtas at masayang pag-aaral.
- Karamihan sa mga paaralan ay ipinagbabawal ang make-up, manicure, pedicure, hikaw at iba pang accessory sa pagpasok sa paaralan. Hindi rin maaaring bumili ng meryienda o kumain nito sa paaralan.
- Mahalaga para sa kulturang Hapon at maging sa paaralan ang pagsunod sa takdang oras.
- Tiyakin ang mga alituntunin sa paaralan at kailangan nating sundin ito.



## 3 Komunikasyon sa paaralan

### Pagliban, pagkahuli

- Kapag liliban sa klase o di kaya mahuhuli sa pagdating, kinakailangan na ipaalam ito sa guro ng homeroom. (Kapag liliban sa klase, kinakailangan parehong malaman ito ng paaralan at ng magulang.)
- Pumasok sa klase maliban na lang kung may importanteng gawain (kasal, libing atbp) o masama ang pakiramdam.

### Pag-alis ng maaga

- Kapag aalis ng paaralan ng maaga para magpatingin sa doktor o may iba pang mahalagang lakad, ipaalam ito sa guro ng homeroom.
- Kapag sumama ang pakiramdan ng anak habang nasa paaralan, ipagbibigay alam ito sa magulang ng guro ng homeroom o ng klinika ng paaralan.



### Panonood sa klase ng PE

- Kapag may sipon o may temporaryong kapansanan, maaaring manood na lang sa klase ng PE.
- Para manonood lamang sa klase, kinakailangang ipaalam ito ng magulang sa paaralan sa pamamagitan ng notebuk para sa komunikasyon (renrakuchō).


## 4 Gastusin sa paaralan

Ang mga pampublikong paaralan sa elementarya at junior haiskul ay libre ang matrikula at aklat-aralin. Subalit may mga bayarin tulad ng mga sumusunod.

### Halimbawa ng mga kailangang bayaran


＊May pagkakaiba sa tawag sa bayarin at halaga depende sa paaralan.

- Taunang bayarin…Mga materyales na gagamitin ng bata atbp.
- Bayad sa pananghalian…Bayad para sa tanghalian na kakainin ng bata sa paaralan
- Pondo para sa gastusin…Pera na nililikum para sa field trip, excursion at iba pang gastusin
- Bayad sa PTA…Pera para sa pagpapatakbo ng PTA, samahan ng mga magulang sa bawat paaralan




May bahaging tulong para sa mga bayarin sa itaas kung may kahirapan sa pananalapi.

# 7. Pagpapatuloy ng Pag-aaral Pagkatapos ng Junior Haiskul
(Pagkatapos ng Kumpulsoryong Edukasyon)




## 1 Haiskul sa Hapon

- Para makapasok sa haiskul, kinakailangan na kumuha ng eksam para sa pagpasok at makapasa rito.
- Ang eksam ay sa Nihongo. Kinakailangang mataas ang kakayahan sa Nihongo.

### Uri ng haiskul

| Uri | Panahon | Oras ng Pag-aaral(Pangkaraniwan na halimbawa) | Kurso |
|---|---|---|---|
| Full-time (Pampubliko,pribado) | 3 taon | 8:30am~4:00pm | Regular na kurso, natatanging kurso, pangkalahatang kurso |
| Part-time (Pampubliko) | 3~4 taon | 5:30pm~9:00pm | Regular na kurso, natatanging kurso |
| Correspondence (Pampubliko,pribado) | 3 taon~ | ● Kalimitan sa bahay nag-aaral, nagpapasa ng report at takdang aralin<br>● Papasok sa paaralan ng ilang beses sa 1 buwan | Regular na kurso |

- Regular na kurso: mga karaniwang asignatura ang pinag-aaralan
- Natatanging kurso: pinag-aaralan ang angkop sa uri ng trabaho. (pabrika, agrikultura, kalakal, pangingisda atbp)
- Pangkalahatang kurso: Itutugma sa nais gawin sa hinaharap, pipili ng mga asignatura na nais pag-aralan mula sa regular at natatanging kurso.

### Mga bayarin sa paaralan

- Karamihan sa mga pampublikong haiskul ay hindi masyadong mahal ang matrikula.
- Ang aklat-aralin at gamit para sa paaralan ay kailangang bilhin.
- Ang estudyante ang magbabayad sa field trip at mga gastusin sa ekstra kurikular na gawain.

### Mga Paalala

Kung isa ka sa mga sumusunod, wala kang kuwalipikasyon na kumuha ng eksam para sa haiskul. Bago kumuha ng eksam, kinakailangan mong ipasa ang **"Eksam para sa Rekognisyon ng Katumbas ng Pagtatapos ng Junior Haiskul"**

① Nagtapos ng 9 na taon na pag-aaral sa paaralan para sa mga dayuhan, international school (maliban sa ilan) sa loob ng bansa Hapon.

② Hindi na-kumpleto ang 9 na taong pag-aaral sa paaralan sa sariling bansa.

# 2 Kolehiyo, junior college, bokasyonal na paaralan sa Hapon

| Uri | Kurso |
|---|---|
| Kolehiyo | Pinag-aaralan ang malawak na paksa at natatanging kaalaman dito.(Karaniwan 4 na taon, 6 na taon sa medesina) |
| Junior College | Pinag-aaralan ang pangkaraniwang paksa at natatanging kaalaman dito.(Karaniwan 2 taon, 3 taon naman para sa mga pang-medikal na kurso) |
| Bokasyonal na Paaralan | Pagsasanay para sa trabaho.(Karaniwan 2 taon, 3~4 na taon para sa pang-medikal na trabaho) |

## Paalala

Kung isa ka sa mga sumusunod, hindi maaaring kumuha ng eksam para pumasok sa kolehiyo at iba pang mataas na paaralan. Bago kumuha ng eksam, kinakailangan na ipasa ang **「Eksam para sa Rekognisyon ng Katumbas ng Haiskul na Edukasyon.」**

① Hindi nakapagtapos ng 12 taon na edukasyon sa paaralan sa sariling bansa.

② Hindi nagtapos( ng haiskul) sa paaralan para sa mga dayuhan na itinalaga ng Ministerio para sa Edukasyon, Kultura, Agham, Palakasan at Teknolohiya ng Hapon.

Reperensiya

## Para magkaroon ng kuwalipikasyon na katumbas ng pag-tatapos sa junior haiskul o haiskul sa Hapon.



### Eksam para sa Rekognisyon na Katumbas ng Pagtatapos ng Junior Haiskul

- Kapag pumasa, magkakaroon ng kuwalipikasyon na kumuha ng eksam sa pagpasok sa haiskul.
- Ang mga asignatura ay Hapon, Araling Panlipunan, Matematika, Agham at Ingles, 5 asignatura.
- Kapag hindi mamamayan ng Hapon, maaaring gumamamit ng katanungan sa eksam na may furigana (nakalagay ang basa ng kanji)
- Ang eksam ay ibinibigay 1 beses kada taon. (Bandang Nobyembre)

### Eksam para sa Rekognisyon na Katumbas ng Pagtatapos ng Haiskul



- Kapag pumasa, magkakaroon ng kuwalipikasyon na kumuha ng eksam sa pagpasok sa kolehiyo, junior college o bokasyonal na paaralan sa Hapon.
- Ang eksam ay 2 beses kada taon.(Bandang Agosto at Disyembre)

### Pagkuha ng Kurso para sa Paghahanda sa Pagpasok sa Kolehiyo, Junior College o Bokasyonal na Paaralan

- Kapag ang paaralan sa sariling bansa ay hanggang 11 taon lamang, kinakailangan na mag-aral ng 1 taon sa 「Kurso sa Paghahanda」 bago kumuha ng eksam sa pagpasok sa kolehiyo. (Hindi na kinakailangan kumuha ng kursong ito kapag na-ipasa ang Eksam para sa Rekognisyonng Katumbas sa Haiskul na edukasyon.

# 8. Tanggapan para sa Konsultasyon

## 1 Board of Education sa inyong tinitirhang lugar Tanggapan ng Konsultasyon

Maaaring isangguni ng tungkol sa edukasyon ng iyong anak.

| | |
|---|---|
| Departamento | |
| Telepono | |

## 2 Tanggapan ng konsultasyon para sa dayuhang residente sa inyong tinitirhang lugar

Maaaring isangguni ang mga suliranin tungkol sa pamumuhay.

| | |
|---|---|
| Departamento | |
| Telepono | |

## 3 Sentro para sa Multikultural na Pangkalahatang Konsultasyon sa Lalawigan ng Shizuoka Camellia

Maaaring isangguni ang tungkol sa trabaho, insurance, ospital at iba pa sa iba't ibang wika. Libre lang po ang pag-konsulta!!!

### Paraan ng Konsultasyon

**Tel** / 054-204-2000 **FAX** / 054-202-0932 **URL** / http://www.sir.or.jp/ **Mail** / sir07@sir.or.jp
**Line** / sirlinefil **Facebook** / Adviser Shizuoka **Skype** / siradviser **Messenger** / @adviser.shizuoka
Samahang Pang-internasyonal ng Shizuoka Shizuoka-shi, Suruga-ku, Minami-cho 14-1 Mizunomori Bldg 2F

### Wika, oras at araw na maaaring kumonsulta

Lunes hanggang Biyernes, 10am~4pm





| | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 Portuguese | | ● | | | ● |
| 2 Espanyol | | ● | | | ● |
| 3 Filipino | ● | | | | ● |
| 4 Instik | ● | | ● | | |
| 5 Việtnam | | ● | | ● | |
| 6 Indonesia | | | ● | ● | |
| 7 Ingles | ● | | ● | ● | ● |
| 8 Koreano | | | Ikalawa at ikaapat na Miyerkules | | |





Maaari ring kumonsulta araw-araw gamit ang serbisyo ng tagapagsalin.

Tagapaglathala

Dibisyon para sa Kumpulsoryong Edukasyon, Board of Education, Lalawigan ng Shizuoka
〒420-8601 9-6 Otemachi, Aoi-ku, Shizuoka-shi
TEL:054-221-3143 FAX:054-221-3558
Email:kyoui_gimu@pref.shizuoka.lg.jp
Pakikipagtulungan: Dibisyon para sa Multikultural na Pamumuhay, Lalawigan ng Shizuoka